**Part 1: Ang Tamang Pananaw**

## 1.5 MALALAMAN NATIN ANG KALOOBAN NG DIYOS

Marami sa ating mga paniniwala at kaugalian ang salungat sa mga pahayag ng Diyos; tulad na lang ng pagtatawas, panghuhula o pangkukulam. Sa iba't-ibang lugar ay ginagawa pa rin ang pag-aalay ng patay na hayop sa "diyos" para sa pagpapatibay ng isang gusali o tulay na kanilang ginagawa. Ano man ang nationality ng tao, may kanya-kanya tayong pinaniniwalaang mabuti at tama ngunit labag naman sa batas ng Diyos. Ito ay nagpapatunay na ang ating pagtitiwala ay wala sa salita ni Cristo.

**TIME OUT**

- Bukod sa nabanggit sa iyong binasa, anong kaugalian o paniniwalang Pilipino ang alam mong salungat sa salita ng Diyos?

  ______________________________________________________________________

  ______________________________________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Bilugan ang salita ng iyong sagot.<br>(MADALI , MAHIRAP) kong malaman ang kalooban ng Diyos sa aking buhay. |
| | Malalaman ko ang kalooban ng Diyos sa aking buhay kung: |

**PAG-ARALAN:**




Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong.

Genesis 6:9 – 9:17
Matuwid at mabuting tao si Noah noong kanyang kapanahunan. Namuhay siya ayon sa kalooban ng Diyos. Siya'y may tatlong anak na lalaki, sina Shem, Ham at Jafet. Maliban kay Noah, masasama ang lahat ng tao sa paningin ng Diyos at laganap ang karahasan sa lahat ng dako. Ito ang kalagayang nakita ng Diyos sa buong daigdig; namumuhay sa kasamaan ang lahat ng tao.

Kaya't labis na ikina-lungkot ng Diyos na nilikha pa niya ang tao.  Sinabi Niya, "Wawasakin ko ang lahat ng taong aking nilikha. Wawasakin ko rin ang lahat ng hayop at mga ibon. Ikinalulungkot Kong nilikha Ko pa ang mga ito."  Ngunit si Noah ay naging kalugud-lugod sa Diyos. Siya lamang ang matuwid at mabuting tao nang panahong iyon. Namuhay siya ayon sa kalooban ng Diyos.

Maliban kay Noah, ang lahat ng tao ay puro masama sa paningin ng Diyos at laganap ang karahasan sa lahat ng dako.  Ito ang kalagayang nakita ng Diyos sa buong daigdig.

Sinabi ng Diyos kay Noah, "Napagpasyahan ko na wasakin ang lahat ng tao sa daigdig sapagkat umabot na sa sukdulan ang kanilang kasamaan. Gugunawin Ko sila kasama ng daigdig."

Kaya inutusan ng Diyos si Noah na gumawa ng isang napakalaking barko. Sinabi ng Diyos na isama niya ang kanyang asawa at mga anak na lalaki, pati mga asawa nila at pumasok sila barko.

Magsasakay sila ng isang lalaki at isang babae ng bawat uri ng hayop at ibon upang magpatuloy ang lahi nila. Pinaghahanda rin siya ng lahat ng uri ng pagkain para sa kanila. At ginawa nga ni Noah ang bawat inutos ng Diyos.

Pagkaraan ng pitong araw, bumaha nga sa buong daigdig. Nabuksan ang lahat ng bukal sa ilalim ng lupa at ganoon din ang mga bintana ng langit.  Bumuhos ang ulan sa loob ng apatnapung araw at apatnapung gabi.

Lumaki ang tubig at lumutang ang barko. Patuloy na lumaki ang tubig hanggang sa lumubog ang lahat ng matataas na bundok.  Namatay ang bawat may buhay sa lupa—mga ibon, maaamo at maiilap na mga hayop, lahat ng gumagapang sa lupa, at lahat ng tao.

Hindi nawaglit sa isipan ng Diyos si Noah at ang lahat ng hayop na kasama niya sa malaking barko. Kaya pinaihip Niya ang hangin, at nagsimulang bumaba ang tubig. Huminto ang mga bukal at tumigil ang pagbuhos ng ulan.  Patuloy na bumaba ang tubig hanggang lumitaw ang tuktok ng mga bundok.

Binuksan ni Noah ang bintana ng barko at siya ay nagpalipad ng isang uwak.  Ito'y nagpabalik-balik hanggang matuyo ang tubig sa lupa. Pagkatapos nito, pinalipad naman niya ang isang kalapati upang tingnan kung wala nang tubig ngunit bumalik ito at muling ipinasok ni Noah sa barko.

Ilang araw ang lumipas ay muli niyang pinalipad ang kalapati. Pagbalik nito kinagabihan, ito'y may tangay nang sariwang dahon ng olibo. Nagpalipas ng pitong araw si Noah saka pinalipad muli ang kalapati. Hindi na ito bumalik.

Inalis ni Noah ang takip ng barko at nakita niyang natutuyo na ang lupa. Pinalabas na ng Diyos si Noah, ang kanyang pamilya, gayun din ang mga hayop na kasama nila. Sinabi ng Diyos na hayaan niya silang dumami at manirahan sa buong daigdig.

Si Noah ay nagtayo ng altar upang makapaghandog sa Diyos. Nasiyahan ang Diyos sa kanyang handog.

Nangako ang Diyos kay Noah at sa kanyang pamilya at pati na sa kanilang magiging mga anak, gayon din sa lahat ng mga bagay na may buhay sa paligid nila. "Kailanman ay hindi ko na wawasakin sa pamamagitan ng baha ang lahat ng may buhay. Wala nang baha na gugunaw sa daigdig." At bilang tanda ng Kanyang pangako, pinalitaw ng Diyos sa ulap ang isang bahaghari.

- Bakit pinagawa ng Diyos si Noah ng isang napakalaking barko?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Bakit pinili ng Diyos na iligtas si Noah at ang kanyang pamilya?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Sa paanong paraan naging matuwid at mabuting tao si Noah?

  ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Si Noah ay taong gumagawa ng tama sapagkat mayroon siyang tiwala sa katotohanan ng salita ng Diyos. Siya at ang kanyang asawa, tatlong anak at kanilang asawa lamang ang naligtas sa kamatayan nang dumating ang bahang bumalot sa buong mundo.



Tulad ni Noah, malalaman din natin ang kalooban ng Diyos sapagkat ihinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa atin. Ang pagpapahayag ng katotohanan tungkol sa kalooban, katangian, at kautusan ng Diyos ay isinasagawa Niya sa pamamagitan ng dalawang paraan:

- Una, sa pamamagitan ng sangnilikha. Marami tayong matututuhan tungkol sa Diyos sa pag-aaral ng kalikasan, ng sangkap nito at mga batas na dito ay nagpapagalaw. Subalit hindi lamang sa kalikasan ihinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili.
- Pangalawa, sa pamamagitan ng Kanyang salita. Sa katauhan ng mga propeta sa Lumang Tipan, itinuro ng Diyos sa mga Israelita ang paraan upang makapamuhay ng tama o matuwid. Ang mga apostol at propeta sa Bagong Tipan naman ay nagsalita sa Iglesya ukol sa katuparan ng pagdating ng tagapagligtas na si Jesu Cristo. Sa loob ng mga 30 taon, si Jesus ay namuhay sa lupa at nangaral tungkol sa Diyos at sa Kanyang kaharian. At ang mga pahayag na ito na ginawa ng mga propeta, ng mga apostol, at ng Panginoong Jesus ay isinulat ng mga 40ng tao sa loob ng mga 1,500 years, sa ilalim ng masusing pamamahala ng Banal na Espiritu.



Ang laking pagsisisi ni Lisa dahil hindi siya nakinig sa payo ng kanyang mga magulang. Ang laking pagsisisi rin niya dahil yung sarili lang niya ang kanyang sinunod. Wala na siyang magagawa kundi tanggapin ang kanyang sitwasyon at muling bumangon. Ang laking pasalamat naman niya dahil bagamat malaki ang kanyang pagkakamali ay napatawad siya ng kanyang mga magulang. Nagdasal si Lisa kasama ang kanyang mga magulang. Humingi siya ng tawad sa Diyos sa kanyang nagawa at hiniling na tulungan siyang makita ang kalooban ng Diyos sa kanyang buhay at para sa kanyang magiging anak.

Ano ang kalooban ng Diyos sa atin bilang mga anak ayon sa Efeso 6:1-3?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



Malalaman natin ang kalooban ng Diyos sa ating buhay kung babasahin at pagbubulay-bulayan natin ang salita ng Diyos. Maisasakatuparan naman natin ang kalooban ng Diyos sa atin kung isasapamuhay natin ang lahat ng natutuhan mula sa Kanyang salita.

Ang isang pananaw na nakabase sa katotohanan ay magbubunga ng mabuting moralidad na magbubunga naman ng tamang pamumuhay.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Ikaw ba ay isang kabataang inaalam ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay? Kung oo ang iyong sagot, paano mo ito ginagawa?

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

2. Magiging madali ba para sa iyo ang isakatuparan ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay? ______________

   Ano ang mga nakikita mong hadlang upang magawa mo ito?

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutuhan ko na | Bilugan ang salita ng iyong sagot.<br>(MADALI , MAHIRAP) kong malaman ang kalooban ng Diyos sa aking buhay. |
| | Malalaman ko ang kalooban ng Diyos sa aking buhay kung: |

**Verse of the Day:**

Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos.
***Roma 12:2***